REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 98-009**

**KAUTUSAN NA NAGBIBIGAY NG LINYA AT PRANGKISA SA "FILINVEST SOCIALIZED HOUSING TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC." (FISHTODAI) SA RUTANG FILINVEST HOUSING-ALABANG PUBLIC MARKET (BALIKAN) NA MAY 50 AWTORISADONG YUNIT.**

*******************************************************************

IPINANUKALA NI: **KON. LUCIO B. CONSTANTINO**

*******************************************************************

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Seksiyon 4.2.3 at sa Seksiyon 5.4 ng Kautusang Panlungsod Blg. 96-66 na ang Tricycle Regulatory Unit (TRU) ang magrerekomenda sa pagtatatag ng terminal, sona o ruta ng mga pampublikong traysikel at ang Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board (MTFRB) ang magpapasiya sa pagtatakda ng mga sona at ruta ng mga pampublikong traysikel, ayon sa pagkakasunod;

**SAPAGKAT,** nakasaad naman sa Seksiyon 9.1.1 ng Kapasiyahang Panlungsod 98-02 bilang amyenda sa Seksiyon 9.1.1 ng Kautusang Panlungsod 96-66 na ang rutang FILINVEST HOUSING ay may nakatakdang limampung (50) awtorisadong yunit subalit hanggang sa kasalukuyan wala pang samahan ang nabibigyan ng linya at prangkisa upang makapasada rito;

**SAPAGKAT,** ang Filinvest Socialized Housing Tricycle Operators and Drivers Association, Inc. (FISHTODAI), isang samahan ng mga drayber at mga operator ng traysikel na naninirahan sa FILINVEST HOUSING at rehistrado sa Securities and Exchange Commission ay matagal nang humiling na mapagkalooban ng prangkisa at linyang FILINVEST HOUSING-ALABANG PUBLIC MARKET via Diversion Road;

**SAPAGKAT,** taglay na ng Filinvest Socialized Housing Tricycle Operators and Drivers Association, Inc. (FISHTODAI) ang lahat ng kwalipikasyon upang kilalaning isang samahan ng nasabing ruta o sona at ito ay inirekomenda ng Tricycle Regulatory Unit (TRU) na agad namang sinang-ayunan ng MTFRB ayon sa merito ng kahilingan;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipagkaloob sa Filinvest Socialized Housing Tricycle Operators and Drivers Association, Inc. (FISHTODAI) ang linya at prangkisa sa rutang FILINVEST HOUSING-ALABANG PUBLIC MARKET via Diversion Road na may limampung (50) awtorisadong yunit.

**PINAGTIBAY** ng ***Sangguniang Panlungsod*** ng Muntinlupa ngayong **Ika-12 ng Oktubre, 1998** sa ginanap na **Ika-14th na Regular na Sesyon.**

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

*Pahina 2*
*Kautusan Bilang 98-009*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
Konsehal

**VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

**BAL NIEFES**
Konsehal

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**MARIO E. BULAY, JR.**
Konsehal

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punongbarangay

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Punonglungsod
Petsa: 11-6-98

*Nory*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196